



Nagkabisa noong Setyembre 23, 2013

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo at kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito. **Mangyaring suriin ito nang mabuti.**

Nakatuon ang Distrito ng Kalusugan ng Snohomishsa pagprotekta sa iyong personal na impormasyong pangkalusugan. Ang protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI) ay kinabibilangan ng impormasyon na aming nilikha o natanggap tungkol sa iyong kalusugan, iyong pangangalagang pangkalusugan, at pagbabayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang personal na impormasyon tulad ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, numero ng social security, address, at numero ng telepono.

**Maaaring iatas sa amin ng mga espesyal na batas ng estado at pederal na pamahalaan na magbigay ng mas mataas na antas ng proteksyon para sa ilang uri ng Protektadong Impormasyong Pangkalusugan.** Maaaring nalalapat ang mga karagdagang proteksyon na makikita sa batas ng estado at pederal na pamahalaan sa impormasyon tungkol sa mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, rekord ng paggamot sa pagkalulong sa droga at alak, mga rekord ng kalusugan ng pag-iisip at impormasyon sa HIV/AIDS. Kapag iniaatas ng batas, hihingin namin ang iyong pahintulot bago ilabas ang ganitong uri ng impormasyon.

### **Ang iyong mga karapatan tungkol sa iyong protektadong impormasyong pangkalusugan**

- May karapatan kang humiling ng mga limitasyon sa paraan ng paggamit o pagsisiwalat namin ng iyong impormasyong pangkalusugan. Dapat nakasulat ang iyong kahilingan, na ipapadala sa aming Opisyal sa Pagkapribado, at dapat mong sabihin sa amin kung anong impormasyon ang gusto mong limitahan at kung kanino mo gustong ilapat ang mga limitasyon. Hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa paghihigpit; gayunpaman, kung nagbayad ka nang buo para sa isang serbisyo, hindi namin isisiwalat ang impormasyon tungkol sa serbisyong iyon sa iyong planong pangkalusugan para sa pagbabayad kung magbibigay ka ng nakasulat na kahilingan na huwag isiwalat ang impormasyon.
- May karapatan kang humiling kung paano kami magbibigay ng mga kumpidensyal na komunikasyon sa iyo. Maaari mong hilingin sa amin na magbahagi ng impormasyon sa iyo sa partikular na paraan o sa partikular na lugar. Halimbawa, maaari mong hilingin sa amin na magpadala ng impormasyon sa ibang address sa halip na sa address ng iyong tahanan; maaari mo ring hilingin na tawagan ka namin sa espesyal na numero ng telepono. Dapat mong gawin ang kahilingang ito nang nakasulat. Hindi mo kailangang ipaliwanag ang dahilan para sa iyong kahilingan. Inaatasan kaming sumunod sa iyong kahilingan, kung makatwiran ito.
- Sa karamihan ng mga kaso, may karapatan kang tingnan ang o kumuha ng mga kopya ng iyong mga rekord, kabilang ang kopya ng iyong mga rekord sa elektronikong format. Dapat mong gawin ang kahilingan nang nakasulat. Maaari ka naming singilin ng makatwirang bayad batay sa mga gastos sa paggawa ng kopya. Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan at sasabihin namin sa iyo kung bakit namin ito tinatanggihan. Sa ilang kaso, maaaring may karapatan kang humingi ng pagsusuri ng aming pagtanggihan.
- May karapatan kang humiling ng pagwawasto o pag-update ng iyong mga rekord. Maaari mong hilingin sa amin na magbago o magdagdag ng nawawalang impormasyon kung sa tingin mo ay may pagkakamali. Dapat mong gawin ang kahilingan nang nakasulat, na ipapadala sa aming Opisyal sa Pagkapribado, at dapat kang magbigay ng dahilan para sa iyong kahilingan. Sa ilang partikular na kaso, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat. Maaari kang tumugon sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon sa amin at hilingin na isama ang pahayag sa iyong rekord ng pangangalagang pangkalusugan.
- May karapatan kang makakuha ng listahan ng mga tao o ahensya kung saan ipinadala ang iyong impormasyong pangkalusugan. Dapat mong gawin ang kahilingang ito nang nakasulat, na ipapadala sa aming Opisyal sa Pagkapribado. Hindi isasama sa listahan ang mga pagsisiwalat ng iyong impormasyong ginawa para sa layunin ng paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi magsasama ang listahan ng impormasyong direktang ibinigay sa iyo o sa iyong pamilya, o impormasyong ipinadala kasama ng iyong nakasulat na awtorisasyon.
- May karapatan kang makakuha ng papel o elektronikong kopya ng pinakabagong bersyon ng Abiso na ito, kung hihilingin mo ito.

- May karapatan kang kanselahin ang iyong pahintulot para mailabas namin ang iyong impormasyon. Kung pumirma ka ng awtorisasyon para gamitin o isiwalat ang impormasyon, maaari mong bawiin ang awtorisasyong iyon anumang oras. Dapat gawin ang kahilingang ito nang nakasulat, na ipapadala sa aming Opisyal sa Pagkapribado. Hindi ito makakaapekto sa impormasyong nagamit o naisiwalat na.

### **Ang aming mga responsibilidad sa ilalim ng batas**

Iniaatas ng batas sa Distrito ng Kalusugan ng Snohomish na ibigay sa iyo ang aming Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado. Ang batas na ito ay ang Batas sa Pagiging Portable at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) ng 1996. Sa ilalim ng batas na ito, dapat naming protektahan ang pagkapribado ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI). Kung ia-update namin ang aming Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado, gagawin namin itong available sa iyo. Ang pinakabagong bersyon ay ipapaskil sa aming mga pasilidad at ipo-post sa aming web site sa [www.snohd.org](http://www.snohd.org).

#### **Iniaatas sa amin na:**

- Panatilihin pribado ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan, maliban kung ipinahiwatig sa Abisong ito
- Sundin ang mga tuntunin ng Abiso na kasalukuyang may bisa
- Kunin ang iyong nakasulat na awtorisasyon para sa anumang paggamit o pagsisiwalat na hindi saklaw sa Abiso na ito
- Abisuhan ka kasunod ng paglabag na nauugnay sa hindi segurong PHI

### **Paano namin maaaring gamitin o isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo**

Kung wala ang iyong pahintulot, pinahihintulutan kami sa ilalim ng batas ng pederal na pamahalaan at estado na gamitin o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

#### **Para sa paggamot:**

- Idodokumento sa iyong medikal na rekord ang impormasyong ibibigay mo sa aming team sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring basahin, talakayin, o ibahagi ng team sa pangangalagang pangkalusugan sa isa't isa ang impormasyong pangkalusugan upang magbigay ng de-kalidad na pangangalaga at para makatulong na magpasya kung anong pangangalaga ang pinakamainam para sa iyo.
- Maaari din kaming magbigay ng impormasyong pangkalusugan sa iyong iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Makakatulong ito sa kanila na manatiling may kaalaman tungkol sa pangangalaga na ibinigay namin sa iyo.

#### **Para sa pagbabayad:**

- Sinisingil ng Distrito ng Kalusugan ng Snohomish ang Medicaid at Medicare na nangangailangan ng impormasyon tungkol sa iyong pangangalagang medikal para mabayaran ang iyong mga bayarin. Maaaring kasama sa listahan ng bayarin na ito ang impormasyong tumutukoy sa iyo, pati na rin ang iyong diagnosis, mga procedure, at mga ginamit na supply.

#### **Para sa mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan:**

- Maaari naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan para matutuhan kung paano pahasayin ang aming mga serbisyo.
- Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para tingnan kung paano ginagawa ng aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang kanilang trabaho at upang sanayin ang aming mga tauhan.
- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo para paalalahanan ka tungkol sa mga appointment at para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng paggamot o iba pang serbisyong nauugnay sa kalusugan.
- Maaari din naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga sumusunod: o Pagsusuri ng iyong carrier ng insurance sa pangkalusugan.
  - o Mga layunin ng pagsingil at pagbabayad.
  - o Mga pag-audit ng estado at pederal na pamahalaan.

### **Iba pang dahilan kung saan pinahihintulutan kami o iniaatas sa amin na gamitin o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan nang wala ang iyong nakasulat na awtorisasyon**

- **Pampublikong kalusugan:** Gaya ng iniaatas ng batas, maaari naming isiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa pag-iwas sa at pagkontrol ng sakit, pinsala o kapansanan, pag-uulat ng kapanganakan o kamatayan, pagsubaybay sa sakit, at para mabawasan ang seryoso o agarang banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga indibidwal o publiko.
- **Pagpapatupad ng batas:** Maaari kaming magsiwalat ng impormasyon sa opisyal ng batas para mag-ulat ng krimen,

- sa ahensyang nag-iimbestiga ng krimen, o kung biktima ka ng krimen.
- **Medikal na pananaliksik:** Maaari kaming magsiwalat ng impormasyon para sa pag-aaral na hindi tumutukoy kung sino ang kabilang sa pag-aaral. Dapat nakasaayos ang pananaliksik para maprotektahan ang iyong pagkapribado.
- **Mga direktor ng punerarya, medikal na tagasuri at coroner:** Gaya ng inaawtorisahan ng batas, naglalabas kami ng impormasyon para hayaan silang gawin ang kanilang mga trabaho, tulad ng pagkilala sa isang katawan o para matukoy ang sanhi ng pagkamatay.
- **Mga donasyon ng organ:** Pagkatapos ng pagkamatay, maaaring isiwalat ang impormasyon sa mga organisasyon o ahensya para sa layunin ng donasyon o pag-transplant ng organ, mata, o tisyu.
- **Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S.:** Maaaring ilabas ang impormasyon para mapangasiwaan ang mga pagpapabalik ng produkto o problema sa pagkain, suplemento sa nutrisyon, at produktong tulad ng mga bakuna o produkto sa pagkontrol ng pagbubuntis.
- **Kabayaran sa manggagawa:** Maaaring ilabas ang impormasyon para maiproseso ang claim tungkol sa pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho hanggang sa kinakailangan para sumunod sa mga nauugnay na batas.
- **Pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya:** Maaari kaming mag-ulat ng impormasyon sa naaangkop na awtoridad ng pamahalaan tulad ng mga serbisyong panlipunan o ahensya ng mga serbisyong pangproteksyon.
- **Mga pasilidad ng pagwawasto:** Kung nasa kulungan o bilangguan ka, maaari naming isiwalat ang impormasyon kung kinakailangan upang protektahan ang iyong kalusugan o para sa kalusugan at kaligtasan ng iba.
- **Pangangasiwa sa kalusugan at kaligtasan:** Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa ahensyang nagsusuri ng mga lokal na programang pangkalusugan gaya ng Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington (Washington State Department of Health).
- **Tulong sa sakuna:** Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa mga ahensya ng tulong sa sakuna para ipaalam sa pamilya o mga kaibigan ang tungkol sa iyong kalagayan.
- **Mga awtoridad ng militar ng US:** Kung miyembro ka ng militar, maaaring iatas sa amin ng batas na magbigay ng impormasyong pangkalusugan na kinakailangan para maisagawa ang isang misyon ng militar.
- **Pambansang seguridad:** Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan para sa pambansang seguridad o mga espesyal na pederal na pag-iimbestiga ayon sa awtorisasyon ng Batas sa Pambansang Seguridad (National Security Act).
- **Mga hukuman o demanda:** Maaaring maglabas ng impormasyon ayon sa iniaatas ng subpoena, kautusan ng hukuman, administratibong tribunal, o para dumepensa sa demanda. Gagawin ang makatwirang pagsisikap para ipaalam sa iyo ang nasabing kahilingan.
- **Mga Kasama sa Negosyo (Business Associates):** Ito ang mga tao o ahensyang tumutulong sa aming paglingkuran ka. Sinasabi ng batas na maaari namin silang bigyan ng sapat na impormasyon para magawa nila ang kanilang trabaho. Iniaatas namin sa kanila na protektahan ang iyong impormasyon tulad ng ginagawa namin.
- **Komunikasyon sa pamilya:** Maaari naming ibahagi sa miyembro ng pamilya, o sinumang ibang tao na iyong tutukuyin, ang impormasyong pangkalusugan na nauugnay sa pakikibahagi ng taong iyon sa iyong pangangalaga.
- **Mga menor de edad:** Ang mga menor de edad ay mga batang wala pang 18 taong gulang. Maaaring makita ng mga magulang at legal na kinatawan ang impormasyong pangkalusugan ng kanilang menor de edad na anak sa karamihan ng mga kaso. Sa ilang kaso, inaatasan kami ng batas na kunin ang pahintulot ng menor de edad na bigyan ang magulang o legal na kinatawan ng access sa impormasyong pangkalusugan ng menor de edad tulad ng paggamot sa pagkalulong sa alak o droga (edad 14 na taon pataas), sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (edad 14 na taon pataas) at kalusugan ng pag-iisip (edad 13 taon pataas).

**Nangangailangan ang iba pang paggamit at pagsisiwalat ng iyong nakasulat na awtorisasyon:** Hindi nakikibahagi ang Distrito ng Kalusugan ng Snohomish sa pangangalap ng pondo, marketing, psychotherapy na paggamot, o pagbebenta ng protektadong impormasyong pangkalusugan. Gayunpaman, iniaatas sa aming ipaalam sa iyo na nangangailangan ng iyong pahintulot ang paggamit ng protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga layuning ito.

Gagawin lamang ang mga paggamit at pagsisiwalat na hindi inilarawan sa Abiso na ito kung pinapahintulutan ng batas o may nakasulat na awtorisasyon mo.

**Para sa karagdagang impormasyon o para maghain ng reklamo, mangyaring makipag-ugnayan sa:**

**Opisyal sa Pagkapribado**  
Snohomish County Health Department  
3020 Rucker Ave., Suite 306  
Everett, WA 98201  
Telepono: (425) 339-8641

**Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari ka ring maghain ng reklamo sa Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., sa address sa ibaba. Hindi ka gagantihan sa paghahain ng reklamo.**

**Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil**  
Centralized Case Management Operations  
U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW, HHH Building, Room 509F  
Washington D.C., 20201

Telepono: 800-368-1019

TDD: 800-537-7697

Online: [www.hhs.gov/ocr](http://www.hhs.gov/ocr)